## Linggo ng Palaspas (A) – 29.03.2026

Mt 21:1–11; Is 50,4-7; Phil 2,6-11; Mt 26,14–27,66

### Pambungad bago ang Prusisyon

May isang kuwento tungkol sa isang maliit na nayon na minsan naghanda ng maringal na pagsalubong para sa isang panauhing pandangal. Nilinis nila ang mga lansangan, nagtaas sila ng mga bandila, at maagang nagtipon-tipon ang mga tao, sabik na makita at mapasama sa karamihan. Ngunit habang dumaraan ang prusisyon sa nayon, may isang bagay na hindi inaasahang nangyari. Hindi huminto ang panauhin sa pinalamutian nilang liwasan. Sa halip, lumiko siya sa isang makitid at maputik na daan kung saan nakatira ang pinakamahihirap na mga pamilya. May ilan na sumunod sa kanya roon; at marami ang tahimik na umalis.

Napakadaling sumigaw ng papuri ang mga tao sa magandang lansangan.
Pero mas mahirap sa kanila ang sumunod nuong nagbago na ang daan.

Ngayon, muli tayong nakatayo kasama ng karamihan. Hawak natin ang mga palaspas, ginugunita natin ang pagpasok ni Hesus sa Jerusalem—tinanggap nang may galak, pinuri bilang hari, napapalibutan ng pag-asa at pananampalataya. Ngunit ang prusisyong ito ay hindi lamang paggunita ng nakaraan. Isa itong tanong na ibinibigay sa atin ngayon.

Kapag madali at masaya ang daan lamang ba tayo handang sumunod kay Kristo—o pati na rin kapag ito'y humahantong sa sakripisyo, pagpapakumbaba, at ang krus?

Sa pagsisimula natin ng prusisyon ngayong Linggo ng Palaspas, maglakad tayo hindi lamang gamit ang ating tinig at palaspas, kundi may bukás na puso, handang sumama sa Panginoon saan man Niya tayo gustong dalhin.

Pakinggan natin ang Ebanghelyo na nagpapaalala ng pagpasok ng Panginoon sa Jerusalem.

### HOMILIYA 1: Mateo 21:1–11 — Bago ang Prusisyon

Ilang taon na ang nakakalipas nang may isang guro ang nagsabi sa kanyang mga estudyante na gumuhit ng isang larawan ng isang hari. Karamihan sa mga bata ay gumuhit ng mga korona, mga trono, mga kastilyo, mga sundalo, at mga watawat. Ngunit may isang bata na gumuhit ng isang lalaking nakasakay sa bisikleta—walang korona, walang mga bantay—isa lang na lalaki na nagbibisikleta sa lansangan, nakangiti at humihinto upang makipag-usap sa iba.

Nang tinanung ng guro kung bakit, sinabi ng bata, "Dahil ang pinakamabuting mga hari ay iyung mga lumalapit sa tao." May mahalagang naunawaan ang batang iyon.

Ngayong araw, habang hawak natin ang ating mga palaspas, inaanyayahan tayo ng Simbahan na tanggapin ang isang Hari—ngunit hindi ang ating inaasahang uri. Pumasok si Hesus sa Jerusalem hindi sakay ng kabayong pang-digmaan kundi ng isang asno. Walang hukbong sumusunod sa Kanya. Walang bandilang nagpapakita ng Kanyang kapangyarihan. Sa halip, naroon ang mga pang-karaniwang mga tao—mga mangingisda, mga ina, mga bata, iyung may sakit—naglalatag ng kanilang mga balabal sa lansangan at nagwawagayway ng mga sanga na pinutol pa mula sa mga malalapit na punong kahoy. Hindi ito pagpapakita ng lakas.  Ito'y isang prusisyon ng pag-asa.

Sumigaw ang mga tao ng *"Hosanna!"* Ang salitang ito ay hindi nangangahulugan ng isang magalang na papuri. Ang ibig sabihin nito ay "Iligtas mo kami!" Ito ang sigaw ng mga taong pagod na sa paghihirap, pagka-balewala, at kawalan ng halaga sa lipunan. Hindi nila sinasalubong ang isang tanyag na tao. Lumalapit sila sa isang inaakala nilang makauunawa sa kanilang sakit sa damdamin.

At pansinin ninyo: hindi sila pinigilan ni Hesus. Hindi Niya pinatahimik ang kanilang pananalig. Tinanggap Niya ang kanilang pagsalubong—kahit alam Niyang balang araw, ang parehong lungsod ay tatalikod sa Kanya. Ipinapakita nito ang puso ng Diyos.

Bumisita ako minsan sa isang ospital kung saan may isang lalaking mag-isang naghihingalo. Sinabi ng nars sa akin, "Wala nang dumadalaw sa kanya ilang lingo na ang nakalilipas." Nang may umupo na sa tabi niya, iminulat niya ang kanyang mga mata at bumulong, "Akala ko walang darating." Ang sandaling iyon—tahimik, at hindi napapansin ng mundo—ay parang Linggo ng Palaspas. Isang Hari na papalapit, hindi gamit ang kapangyarihan, kundi ang presensya.

Ganito naghahari si Hesus. Lumalapit Siya sa tunay na buhay ng tao. Pumapasok Siya sa mga lungsod at pusong magugulo, walang katiyakan at hati-hati. Tinatanggap Siya ng lungsod ng Jerusalem nang may kagalakan—ngunit marupok ang kagalakang iyon. Mataas ang kanilang inaasahan at ang kanilang pagkakaintindi ay mababaw. Gusto nila ng tulong na walang sakripisyo at tagumpay na walang pagsuko.

Kung tutuusin, hindi tayo naiiba. Hawak natin ngayon ang palaspas, ngunit may mga pagkakasalungat sa ating mga puso. Pinupuri natin si Kristo, ngunit nahihirapan tayong sumunod kapag mahirap ang daan. Nais natin ng biyaya, ngunit hindi ang krus na kaakibat nito. At gayun pa man—lumalapit pa rin si Hesuss a atin.

May nakilala ako minsan na isang babae na nagsabing, "Tumigil ako sa pagpunta sa simbahan dahil ang akala ko madidismaya ang Diyos sa akin." Bumalik siya sa simbahan ang taon ang nakalipas, hindi dahil naramdaman niya na siya'y karapat-dapat, kundi dahil nakaramdam na siya ng pagka-pagod. Sabi niya, "Napagtanto ko na hindi ko pala kailangang patunayan ang sarili ko sa Diyos. Kinailangan ko lang Siyang papasukin sa aking buhay." Iyun din ay Linggo ng Palaspas.

Pumasok si Hesus sa Jerusalem na alam Niyang eksakto kung ano ang parating: pagtataksil, paghihirap, kamatayan. Ngunit patuloy Siyang sumakay sa asno ng marahan, may layunin, at mas pinili ang pagmamahal kaysa sa kaligtasan. Hindi ito kahinaan. Ito ay ang piunakamalalim na uri katapangan.

Sa malaking bahagi ng Kanyang ministeryo, nagging aktibo si Hesus. Siya ay nagpagaling, nagturo, nakipag-ayos, tinanggap ang mga bata, bumisita sa mga bahay, nakipag-salo sa pagkain, at nagpatawad ng mga kasalanan. Sa pamamagitan ng Kanyang mga ginawa, ipinakita Niya ang kaharian ng Diyos – ang nakapagbibigay-buhay na pagmamahal ng Diyos. Ngunit mula sa Kanyang pagkadakip sa Hardin ng mga Oliba, lahat ng Kanyang mga gawain ay tumigil. Ginawa sa Kanya ang mga bagay na karinawan ay pagmamalupit, mapang-api, at mararahas. Ipinagkanulo Siya ni Hudas, itinanggi Siya ni Pedro, binugbog, linait, at ipinasa upang patayin. Ngunit, sa tila kahinaang ito, lalong nagningning ang pagmamahal ng Diyos. Ang parehong pagmamahal na nagudyok sa Kanya upang magpagaling sa mga tao at magpanumbalik sa kanila, ay siya ring nagpatatag sa Kanya upang makayanan Niya ang paghihirap at kamatayan – isa pagmamahal na mas malakas kaysa kasalanan, mas malakas kaysa takot, at mas malakas kaysa kamatayan. Ito ay isang mensahe sa atin: tayo din ay makapagbibigay sa iba kahit sa mga sandalling tayo ay mahina, kapag ang buhay natin ay mistulang walang direksyon, kapag tayo ay napapahamak at walang kapangyarihan. Ang ating pakikibahagi, ang ating pagtitiyaga, ang ating mga dalangin, ang ating tahimik na kabutihan – kahit na sa mga malilit at nakakubling paraan - ay pwedeng magbigay ng buhay katulad din ng mga dakilang pagtulong sa kapwa.

At ngayon na tayo'y magsisimulang lumakad sa prusisyon. Sa ilang sandali lang ay lilipat tayo mula sa pakikinig patungo sa paglalakad – mula sa pakikinig sa Salita ng Diyos patungo sa pagpapasabuhay natin nito. Ang prosisyon ay hindi simpleng paggunita sa nakaraan. Ito ay isang pahayag. Sinasabi natin: Ito ang Hari na pinipili nating sundin.

Minsan sa isang prosesyon ng Linggo ng Palaspas, nakakita ako ng isang batang babaeng maliit na nakahawak ng palaspas na mas malaki pa sa kanya. Noong nasa gitna na siya ng simbahan ay napagod

siya at sinimulang hilain na lang sa sahig ang palaspas. Sabi ng kanyang magulang “Hindi mo naman dapat buhatin ito ng mabuti – huwag lang ito mawawala sa iyo.” Iyon marahil ang pinaka-totoong pagtukoy sa pagiging disipulo.

Habang sinisimulan natin ang prosisyon, buhatin mo ang iyong palaspas hindi parang isang simbolo ng tagumpay, ngunit isang simbolo ng pananalig. Ang Hari na ating sinusundan ay hindi ipinapangako ang isang madaling tagumpay, ngunit magtiwala tayo na hindi Niya tayo iiwan sa gitna ng daan.

Habang binubuhat natin ang mga palaspas sa araw na ito, alalahanin natin ang pagitan ng kagalakan at paghihirap na masisilayan natin sa linggong ito. Tinanggap ng mga tao si Hesuss a pamamagitan ng pagsabi ng hosanna ngunit pagdaan lamang ng ilang araw sasabihin nila, “Ipako Siya sa Krus!” Ang isang lingo ay pwedeng makapagpabago sa kahit na anong bagay. Ang isang bagay na nag-umpisa sa kagalakan ay pwedeng magtapos sa kalungkutan. Ngunit ang pag-ibig ng Diyos ay hindi nagbabago. Ang paglalakbay ni Hesus ay nagtuturo sa atin na ang pagmamahal ang siyang pinakamakapangyarihan hind isa oras ng pagkapanalo kundi sa mga oras ng kahinaan, kakulangan, at pagdurusa. Sa mismong disyerto ng pagsubok at sa mga oras na nakakaramdam tayo ng kahinaan, ay siyang mga panahon na tinatawag tayo na pagngilayan ang awa, habag, at walang hanngang presensya ng Diyos,

Lumakad tayo kasama Siya – sa pamamagitan ng pagsamba at pagkalito, sa pamamagitan ng kagalakan at pagsubok – batid natin na Siyang pumasok sa Jerusalem sa araw na ito ay Siya ring bubuhat sa krus natin. At Siya ay lumalapit sa atin, at lumalapit Siya sa mga durog, mga nanghihina, mga takot, at ang mga malungkot na nagiisa.

Tulad ng batang hirap buhatin ang palaspas ngunit pinagsabihang “huwag mo lang bitawan,” ganoon din ang pagiging alagad: hindi kailangang perpekto—basta’t hindi sumusuko.

Dalhin natin ang ating palaspas bilang tanda ng pagtitiwala. SuAt ndan natin ang Hari na hindi nangangako ng madaling tagumpay, ngunit hindi kailanman nang-iiwan.

Sa linggong ito, makikita natin ang pagitan ng kagalakan at paghihirap. Mula “Hosanna” hanggang “Ipako sa krus!” Ngunit nananatili ang pag-ibig ng Diyos.

Lumakad tayo kasama Niya—sa saya at pagsubok—sapagkat Siya na pumasok sa Jerusalem ay Siya ring magpapasan ng krus para sa atin.

## HOMILIYA 2: (Mt 26:14–27:66) Mula Hosanna Patungo sa Krus

Maraming taon na ang nakalilipas nuong may isang guro ang nagdala ng kanyang mga estudyante sa isang ekskursiyon sa malaking teatro. Bago magsimula ang palabas, hindi mapakali ang mga bata. Pagkatapos ay itinaas na ang kurtina. Dumilim ang mga ilaw. Lumakas ang mga tugtog. Biglang pumalakpak ang mga tao sa teratro. May isang bata ang pumalakpak ng mas maingay kaysa sa iba. Tumayo siya sa kanyang upuan, masayang pumapalakpak puno ng kagalakan at pananabik.

Pagkaraan ng ilang minute, isang hindi inaasahang bagay ang nangyari. Nag-iba ang palabas. Ang bida na minsang hinangaan ay biglang inuusig, pinagtatawanan, at itinataboy sa tabi. Ang mga tao sa entablado ay lumaban sa kanya. Ang parehong batang iyon ay tumigil sa pamamalakpak niya. Unti-unti siyang umupo, tuliro. Tinanong niya ang kanyang guro “Bakit nila ginagawa iyon? Akala ko gusto nila siya.”

*Ang tanong na iyon ay ang tanong sa Linggo ng Palaspas.*

Sa araw na ito, habang pinakikinggan natin ang kwento tungkol sa pagdurusa ni Hesus, makikita natin na ipinagbubunyi ng mga tao si Hesus habang Siya ay papasok sa Jerusalem sa pamamagitan ng mga

palaspas at mga pagpupuri – at pagkatapos nito, halos tuloy-tuloy, maririnig natin ang parehong mga tao na sumusigaw ng "Ipako Siya sa Krus!"

Sabi nila, sa politika, ang isang lingo ay napakahaba na. Ang mga politiko na panatag sa kanilang posisyon sa simula ng lingo ay maaaring wala na sa posisyon pagsapit ng Biyernes. Ang isang lingo ay maaring napakatagal rin sa isang buhay. Ang isang bagay na parang sigurado sa simula ay biglang guguho sa mga sumusunod na mga araw. Ang isang kalagayan o sitwasyon sa Lunes ay puwedeng magbago ng tuluyan pagsapit ng Biyernes. Ang pagkaalam tungkol dito ay gumagabay sa maraming tao na mamuhay nang isang araw sa bawat sandal at bigyan ito ng angkop na atensyon at pagaalaga.

At anong linggo pa ang maaaring maging mas mahaba, mas matindi, at mas makabuluhan kaysa sa Banal na Linggong ito? Nakakagulat ang pagkakaiba. Sa simula, tinanggap si Hesus ng mga tao gamit ang mga palaspas, sigawan ng "Hosanna!" at mga sigaw ng pagpapala. Sa pagtatapos, ang parehong mga tinig ay humihiling ng Kanyang kamatayan. Ang parehong lungsod na tinanggap Siya nang may kagalakan ay humihiling ng Kanyang pagpapatay. Siya na pumasok sa Jerusalem nang mapagpakumbaba gamit ang isang asno, ay isinagawa ilang araw lamang ang nakalipas sa pinakamatinding anyo ng pagkapataw ng parusang Romano — ang krus.

At gayon pa man, kahit na tayo na humahawak ng mga palaspas ngayon ay alam natin kung paano nagtatapos ang kwento, hindi tayo mga manonood lamang. Ang kwentong ito ay atin. Ang kamatayan ni Hesus ay hindi isang malayong kasaysayan. Ito ay nagpapatuloy sa ating mga buhay.

*Ang Tukso ng Palakpakan*

Mayroong isang nakakabighaning kapangyarihan tungkol sa palakpakan. Lahat tayo ay nakakaalam nito. Hinahangad natin ito. Nais nating mapabilang sa panig na panalo, sa panig na popular, sa panig na ligtas. Madaling pumalakpak kapag walang halagang kailangang ibayad.

Sari-saring mga kwento mula sa araw-araw na buhay ang nagpapakita nito. Ang isang politiko ay nangangakong may integridad ngunit isinusuko ito upang manatili sa kapangyarihan. Ang isang empleyado ay matapang na nagsasalita tungkol sa etika hanggang sa nakataya na ang promosyon nito. Alam ng isang kabataan ang tama ngunit sumusunod ito sa karamihan dahil sa palagay niya ay masyadong delikado ang tumayo nang mag-isa.

Minahal ng mga tao sa Jerusalem si Hesus hangga't natutugunan Niya ang kanilang mga inaasahan. Nais nila ng isang hari — ngunit hindi ganitong uri ng hari. Nais nila ng isang Tagapagligtas — ngunit hindi isang magsasalita tungkol sa pagdurusa. Nais nila ng mga himala — ngunit hindi ng pagbabago ng puso. Nais nila ng palaspas — ngunit hindi ng krus.

Hindi ba ito pamilyar?

*Si Hudas: Ang Alagad na Nagbilang ng Bawat Hakbang*

Hindi biglaan o dramatikong umalis si Hudas. Siya ay nagbibilang at nagtatantiya. *"Ano ang ibibigay ninyo sa akin?"* Tatlumpung piraso ng pilak — ang presyo ng isang alipin. Madalas, ang pagtataksil ay hindi dramatiko, kundi praktikal. Pinapalitan natin ang pananampalataya para sa kaginhawaan. Ibinibenta natin ang katahimikan para sa seguridad.

May kwento ng isang lalaki na nagsabi, "Hindi ko kailanman itinanggi ang Diyos." Sumagot ang isa, "Hindi — binabalewala mo lang Siya sa araw-araw ng iyong buhay." Hindi tumigil si Hudas sa pagsunod kay Hesus sa pisikal na paraan. Tumigil siya sa pagtitiwala sa Kanya sa kanyang puso. At maaaring mangyari iyon sa alinman sa atin. Maaaring dumalo tayo sa Misa, gamitin ang tamang mga salita, ngunit sa loob,

nagsimula na tayong makipag-negosasyon sa ating pananampalataya, at humahadlang sa ating mga puso.

*Si Pedro: Ang Alagad na May Mabuting Intensyon*

At narito naman si Pedro — napakatapat, napakakumpiyansa, at napaka-makatao. *"Kahit iwanan ka ng lahat, hindi kita iiwan."*

Lahat tayo ay nasabi na ang mga salita ni Pedro sa iba't ibang anyo: "Laging akong magiging tapat. Hindi na ako muling mabibigo. Mas malakas na ako ngayon."

Ngunit ang takot ay kayang sirain ang tapang sa isang saglit. Itinanggi ni Pedro si Hesus sa harap ng isang katulong na babae, hindi sa isang sundalo. Maliit na takot, maliit na kompromiso, nagdudulot ng pagbagsak.

May kwento ng isang pari na bumisita sa bilangguan. Isang bilanggo ang nagsabi, "Padre, hindi ako gumising isang araw para sirain ang aking buhay. Patuloy lang akong gumagawa ng maliliit na kompromiso." Itinuturo sa atin ni Pedro ang katotohanang ito: ang pagbagsak ay bihirang nagsisimula sa galit. Nagsisimula ito sa takot, pag-aatubili, at kompromiso.

Ngunit iiyak si Pedro, at dahil sa pag-iyak niya, siya ay maibabalik sa tama.

*Hesus: Tahimik at Nagdurusang Pagmamahal*

Sa gitna ng mahabang kwento ng Pagdurusa ay si Hesus — na kadalasan ay tahimik. Hindi Niya ipinagtanggol ang sarili Niya kay Pilato. Hindi Niya isinumpa ang mga nang-uuyam sa Kanya. Hindi Siya bumaba mula sa krus.

May kwento ng isang ina na may anak na pinaslang sa isang marahas na krimen. Makalipas ang ilang taon, nakilala niya ang salarin. Sa halip na sumigaw, sinabi niya, "Hindi ko hahayaang ang iyong galit ang maging huling salita sa aking buhay." Binago ng sandaling iyon ang buhay nila pareho.

Sa Krus, ganito rin ang ginagawa ni Hesus — sa walang hangganang sukatan. Tinatanggap Niya ang galit at sinasagot ito ng awa. Tinatanggap Niya ang karahasan at ibinabalik ang kapatawaran. Ito ay hindi kahinaan. Ito na ang pinakamapangyarihang uri ng pagmamahal na nasaksihan ng mundo.

*Ang Pagdurusa ni Hesus bilang Aktibong Pagmamahal sa Kahinaan*

Sa mas malaking bahagi ng ministeryo ni Hesus, Siya ay aktibo. Siya ay nagpagaling, nagturo, nagpatawad, tumanggap, at nakipagkasundo. Sa mga gawaing ito, naipapakita ang presensya ng Diyos. Ngunit mula nang Siya ay dinakip, tumigil ang lahat ng Kanyang mga aktibidad. Ilang mga uri ng bagay ay ginawa sa Kanya, madalas nang marahas at hindi makatarungan.

Ngunit hindi ito panahon ng pagtigil ng pag-ibig. Sa halip, ito'y nagiging mas malalim at radikal na paglilingkod. Ang pag-ibig na nagtulak sa Kanya upang magpagaling, magturo, at magpatawad ay siyang nagtutulak sa Kanya ngayon na tiisin ang pagdurusa, pagtataksil, kahihiyan, at kamatayan. Sa Kanyang kahinaan, mas maliwanag ang buhay na pagmamahal ng Diyos kaysa dati.

Tinawag ni Shakespeare ang pagdurusa bilang "mga tirador at palaso ng malupit na kapalaran." Pinagdurusahan ni Hesus ang lahat ng ito. At sa Kanyang pagdurusa, ipinapakita Niya na kaya rin nating magbigay kahit sa panahon ng ating kahinaan, tulad din ng sa panahon kung tayo ay malakas. Ang ating presensya, panalangin, malasakit, at pagkakaisa — ito rin ay mga gawa ng pagmamahal na nagpapatotoo sa Kaharian ng Diyos.

*Nasaan Tayo sa Pagdurusa?*

Inaanyayahan tayo ng Linggo ng Palaspas sa isang mapanganib na tanong:
Nasaan ako sa kwentong ito?

- Ako ba ay nasa karamihan — pumupuri sa Diyos kapag madali lang ang lahat, iniiwan Siya kapag may kaakibat na sakripisyo?
- Ako ba ay si Hudas — nagbibilang, nakikipagkompromiso, may isang paa na nakalagay sa kaligtasan?
- Ako ba ay si Pedro — minamahal si Hesus, ngunit natatakot sa hinihingi ng pananampalataya?
- Ako ba ay ang sundalo — "ginagawa ko lamang ang aking tungkulin," at iniiwasan ang pananagutan?
- Ako ba ay isa sa mga tapat na kababaihan — naroroon, nagdadalamhati, ngunit matatag?

Ang katotohanan: tayo ay lahat sa kanila sa iba't ibang sandal ng ating buhay. At gayon pa man, naglalakad si Hesus patungong Kalbaryo para sa bawat isa sa atin.

*Banal na Linggo: Mula Pagpuri hanggang Muling Pagkabuhay*
Sa pagpasok natin sa Banal na Linggong ito, inaanyayahan tayong huminahon, magtuon ng pansin, at hayaan na baguhin ng kwento ng Pagdurusa ni Hesus ang ating mga puso. Ang linggong ito ay nagbabago mula sa masiglang pagtanggap ng mga palaspas, patungo sa pinakamadilim na sulok ng pagdurusa at kamatayan. Ngunit alam natin, hindi nagtatapos ang kwento sa kamatayan. Paalala ni Pablo:

*"Si Kristo, bagaman Siya ay mapagpakumbaba, hanggang sa pagtanggap Niya ng kamatayan, kamatayan sa krus, iniangat Siya ng Diyos nang mataas."*

Ang Tatlong Araw na Banal patungo sa Pasko ng Pagkabuhay — Banal na Huwebes hanggang sa Sabado de Gloria — ay ang banal na pinakahuling katuparan ng gawaing pagliligtas ng Diyos. Ang kuwento ng Pagdurusa ni Kristo ay hindi kwento ng pagkawala, kundi kwento ng pagmamahal. Ang mga palaspas na dinadala natin pauwi ngayon ay hindi simpleng alaala lamang. Paalala ito na tayo ay tinatawag na dumaan sa pagmamahal na ito nang tapat at matapang, kahit pa na may halagang kailangang bayaran.

*Pangwakas na Kwento*
Hayaan ninyo akong mag-tapos sa isang huling kwento.

Isang lalaki ang nag-ukit minsan ng krus na gawa sa kahoy. Nang matapos ito, may isang nagtanong, "Bakit napaka-mahinahon ang mukha ni Hesus, kahit sa krus?"
Sumagot ang nag-ukit, "Dahil kapag nagmukha Siyang galit, matatakot akong bumalik sa Kanya kapag ako'y nabigo."

Ang Lingo ng Palaspas ay hindi nagtatapos sa palakpakan. Hindi rin ito nagtatapos sa paghatol. Nagtatapos ito sa isang pinatay na Panginoon na ang mga bisig ay nananatiling bukas.

Habang naglalakad tayo sa Banal na Linggong ito — sa mga pagtataksil, pagkatanggi, pagka-uyam, pagka-takot, at pagdadalamhati — nawa'y ating alalahanin: Hesus ay kasama natin na lumalakad. Ang Kanyang pagmamahal ay mas malakas kaysa sa ating kabiguan, takot, at kahit kasalanan. At kapag ang mga palaspas ay nawala na, kapag humupa na ang palakpakan at pagbubunyi, nawa'y magkaroon tayo ng lakas ng loob na manatili. Amen.

**Huwebes Santo – Ang Huling Hapunan ng Panginoon – 02.04.2026**
Ex 12,1-8.11-14; 1 Cor 11,23-26; Jn 13,1-15

**BAGO ANG LITURHIYA (basahing may pagninilay):**

**Tagabasa:** Ngayong gabi, tayo ay nagtipon-tipon upang ipagdiwang ang paggunita sa Huling Hapunan ni Hesus kasama ang kanyang mga alagad sa gabi bago ang kanyang kamatayan.

Noong mga panahong iyon sa Jerusalem, hindi pa alam ng mga kaibigan ni Hesus na ang kanilang Panginoon ay mamamatay sa Krus kinabukasan—at na iyon na ang kanilang huling pagsasalo kasama siya. Kaya't mauunawaan mo ang kanilang pagkamangha sa paghuhugas ni Hesua sa kanilang mga paa. Isang punong-abala na naghuhugas ng paa ng kanyang mga panauhin! Tunay ngang pambihira iyon!

Sa oras na ito, ang mga Kristiyano sa buong mundo ay nagtitipon-tipon upang sama-samang alalahanin ang Huling Hapunan ni Hesus. Tayo rin ay nagtipon upang makiisa sa pandaigdigang paggunita na ito.

Kaya't buong puso ko kayong tinatanggap sa ating pagdiriwang ng Huwebes Santo! Ngayong araw ay papasok tayo sa mga natatanging liturhiya: sa Huwebes Santo, Biyernes Santo, at sa Bisperas ng Pasko ng muling pagkabuhay ni Hesus. Nais nating maging buhay at maranasan ang hiwaga ng ating pananampalataya.

Inaanyayahan tayong pumasok at makibahagi sa ating mga tradisyon sa buhay na sa loob ng halos dalawang libong taon ay patuloy na nag-aanyaya sa mga tao na muling tuklasin ang kanilang pananampalataya.

Ihanda natin ang ating mga sarili sa Diyos na ito; buksan natin ang ating mga puso sa mga salita at gawa ni Kristo, upang ang sandaling ito ay humubog sa atin at upang ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig ay lumago sa atin.

*– kaunting katahimikan –*

**Papasok Ang Pari kasama ang mga Sakristan**

\+ Sa Ngalan ng Ama...

Si Hesus, na nagpakita ng Kanyang pagmamahal hanggang sa wakas at sa gabing ito ay espesyal tayong inaanyayahan sa hapunang ito, ay sumainyo!

**UNANG PAMBUNGAD**

May mga taong sumusulat ng kanilang talaarawan upang maipakita kung paano nila nais maalala; kadalasan din ay upang hindi sila agad makalimutan. Ang iba naman ay nagtatayo ng mga bantayog, o kaya'y may mga nagpapatayo ng bantayog para sa kanila, upang manatiling buhay ang kanilang kahalagahan. Ngunit si Hesus ay hindi sumulat ng aklat at walang iniwang bantayog.

Sa kanyang huling hapunan, ipinagkatiwala niya sa kanyang mga alagad ang dalawang simpleng gawi na tutulong sa kanila upang siya'y maalala, at higit pa rito, upang hubugin ang kanilang buong buhay ayon sa kanyang diwa. Tulad ng isang alipin, hinugasan niya ang kanilang mga paa; at tulad ng isa sa kanila, ibinahagi niya ang tinapay at alak sa bawat isa sa kanila.

Sa pamamagitan ng dalawang tandang ito, pinananatili nating buhay ang kanyang alaala. Para sa atin, ang mga ito ay naging banal na sakramento na pinapabayaan nating humuhubog sa ating mga buhay.

Habang pinagninilayan natin ang mga tandang ito ng pagmamahal ni Kristo—ang paghuhugas Niya ng mga paa at ang pagbabahagi Niya ng tinapay at alak—kilalanin natin ang mga pagkakataong hindi natin lubusang naisabuhay ang kanyang diwa. At iyung may kababaang-loob, lumapit tayo sa Diyos upang hingin ang Kanyang awa at kapatawaran.

**O**

**PANGALAWANG PAMBUNGAD**

Sa pamamagitan ng mga mahahalagang salita, maaari nating ipaloob sa ating puso ang isang bagay at dalhin ito sa ating buhay. Ang Huwebes Santo ay nagbibigay sa atin ng tatlong mahahalagang salita na dapat dalhin sa ating paglalakbay.

**Una: “Naaalala mo ba?”**
Sa Sulat sa mga taga-Corinto, na naglalaman ng pinakamatandang salaysay ng Huling Hapunan, makikita natin ang pangungusap na: *“Gawin ninyo ito bilang pang-alaala sa akin.”* Ibig sabihin nito ay walang iba kundi: *“Alalahanin ninyo ako.”*

Inaanyayahan tayo na alalahanin ang lahat ng ginawa ni Hesus para sa atin. Ginagawa natin ito sa bawat pagdiriwang ng Eukaristiya. Inaalala natin Siya, iniisip natin Siya, at tayo’y maaaring maging mapagpasalamat na naroroon Siya para sa atin. Sa wikang Aleman, iisa ang ugat ng mga salitang “iniisip” at “nagpapasalamat.”

Ang pag-alala na ito ay nagbabantay sa atin laban sa pagkalimot, dahil ipinapakita nito kung saan naipapamalas ng Panginoon ang Kanyang mga pagkilos sa ating mga buhay—at kung saan Siya patuloy na kumikilos.

“Alam mo ba kung ano ang ginagawa sa iyo ng Hesus na ito?”

**Ikalawa: “Tularan mo Siya!”**

“Ibinigay ko sa inyo ang halimbawa, upang gawin din ninyo ang gaya ng ginawa ko sa inyo,” sabi ng Panginoon matapos Niyang hugasan ang mga paa ng Kanyang mga alagad. Ang Panginoon ay naglingkod na parang alipin at iniwan sa atin ang huwaran. Binabaliktad Niya ang ating pag-iisip at kilos. Pinapakita Niya sa atin na ang mga Kristiyano ay dapat maging iba sa pangkaraniwan. “Hindi ito ang dapat na mangyari sa inyo,” wika Niya sa mga alagad na nag-aaway kung sino ang mauuna. Tularan natin Siya. Hayaan natin na hubugin tayo ng Kanyang kababaang-loob, ng Kanyang pagmamahal, at ng Kanyang kalooban.

**Ikatlo: “Hayaan mo!”**
Ayaw ni Pedro na hayaang mahugasan ang kanyang mga paa. Sagot ni Hesuss a kanya: “Kung hindi Kita huhugasan, wala kang bahagi sa akin.” Madali ba nating tanggapin ang pagiging malapit at pagmamahal ng Diyos sa ating buhay? Kinailangan ni Pedro na payagan si Hesus na lumuhod sa kanyang harapan at hugasan ang kanyang mga paa. Noong pinayagan niya, saka lamang niya tunay na nauunawaan ang kahulugan ng ginawa ni Hesus. Ang pagiging bukas at handang pahintulutan ang Diyos ay nakakatulong sa atin upang mas maunawaan pa natin ang Diyos sa ating buhay.

Habang inaalala natin, sinusunod, at pinapayagan ang pag-ibig ni Kristo na pumasok sa ating buhay, tanggapin natin ang ating mga kahinaan at lumapit tayo sa Panginoon na may bukas na puso, handa sa pagtanggap ng Kanyang awa at mapanibago ang ating paglilingkod sa Kanya.

**UNANG PANALANGIN SA PANGINOON**

Panginoong Hesukristo, Panginoong Hesus, ibinibigay Mo ang Iyong sarili sa amin sa pamamagitan ng tinapay at ng alak. Panginoon, kaawaan Mo kami.
Ipinapakita Mo ang Iyong pagmamahal sa pamamagitan ng paglilingkod mo sa lahat ng tao. Kristo, kaawaan Mo kami.
Ikaw ang aming Tagapagligtas sapagkat tinanggap Mo ang iyong pagdurusa. Panginoon, kaawaan Mo kami.

**O KAYA**

**PANGALAWANG PANALANGIN SA PANGINOON**

Panginoong Hesus, lumuhod Ka sa harapan namin at hinugasan Mo ang aming mga paa, nagpakumbaba Ka upang maglingkod. Panginoon, kaawaan Mo kami.
Ibinibigay Mo ang Iyong sarili sa amin sa Tinapay at Alak, iniaalay Mo ang Iyong buhay para sa amin. Kristo, kaawaan Mo kami.
Tinatawag Mo kami upang magmahal at maglingkod sa isa't isa gaya ng pagmamahal Mo sa amin. Panginoon, kaawaan Mo kami.

**UNANG PANALANGIN NG PAGPAPATAWAD**

Si Hesus, na nagpakumbaba upang maglingkod at nag-alay ng Kanyang buhay sa pagmamahal Niya sa atin, ay tumatawag sa atin na buksan ang ating puso sa Kanyang habag.
Nawa'y linisin Niya tayo mula sa alikabok ng ating pagmamataas at sa mantsa ng ating mga kasalanan, at palakasin Niya tayo upang sumunod tayo sa landas ng Kanyang pagmamahal at paglilingkod. Amen.

**O KAYA**

**PANGALAWANG PANALANGIN NG PAGPAPATAWAD**

Si Kristo, na lumuhod upang hugasan ang mga paa ng Kanyang mga disipulo at ibinigay ang Kanyang Katawan at Dugo para sa ikabubuhay ng mundo, ay ibinubuhos ang Kanyang habag sa atin.
Nawa'y patawarin Niya ang ating mga kasalanan, pagalingin ang ating mga puso, at hubugin tayo upang sundan ang Kanyang halimbawa ng mapagpakumbabang pag-ibig at tapat na paglilingkod. Amen.

**PAANYAYA SA GLORIA**

Sa gabing ito, sa gabi ng Huling Hapunan ng ating Panginoon, ipinagdiriwang natin ang kaloob ng Katawan at Dugo ni Hesus. Luwalhatiin natin ang Diyos nang may galak at pasasalamat.

**PANALANGING PAMBUKAS**

Mapagmahal at maawaing Diyos, buong pagsamba naming ginugunita sa natatanging gabi na ito ang Huling Hapunan ng Iyong Anak kasama ang Kanyang mga kaibigan at ang Kanyang mga huling oras.

Ipinagkatiwala Niya sa amin ang hapunang ito upang ipagdiwang namin.
Hinugasan Niya ang mga paa ng Kanyang mga disipulo; ibinahagi Niya ang tinapay sa kanila at hinayaan niyang uminom sila mula sa basong bino.

Sa pamamagitan ni Hesus, ipinagkaloob Mo rin sa amin ang isang bagong utos:
Kung paano Mo kami minahal, gayundin ay dapat kaming magmahalan at maglingkod sa isa't isa.

Ngunit alam Mo na hindi ito palaging madali para sa amin. Magtiyaga Ka sa amin at huwag Mong ipagkait ang Iyong pagmamahal, kahit na kami'y nagkukulang paminsan-minsan.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesu Kristo, ang Iyong Anak, ang aming Panginoon at Diyos, na nabubuhay at naghahari kasama Mo sa pagkakaisa ng Banal na Espiritu, Diyos, magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

**UNANG HOMILIYA – "Ang Daan ng Pag-ibig at Paglilingkod"**

**Unang Simulaing Kuwento:**
Isang manlalakbay ang minsang pumasok sa isang mataong lungsod at nakakita ng isang matandang lalaki na lumuluhod sa kalye, hinuhugasan ang mga paa ng isang pulubi. Nagusisa siya at nagtanong, "Bakit mo ito ginagawa sa isang taong halos hindi mo kakilala?" Tumingin ang matanda at sumagot,

"Dahil sa paglilingkod sa iba, natututo akong magmahal tulad ng minahal ako." Ang simpleng eksenang iyon ay salamin ng ating nasaksihan sa Silid-taas sa Huwebes Santo.

**Pangalawang Simulaing Kuwento:**
Isang batang lalaki ang nanonood sa kanyang lola na naghuhugas ng pinggan gabi-gabi, tahimik at matiisin. Isang araw, nagtanong siya, "Lola, bakit mo ginagawa lahat ng ito para sa amin?" Ngumiti ang lola at sumagot, "Ang pag-ibig ay hindi nasusukat sa malalaking bagay; ito ay sa paglilingkod nang may puso, kahit sa maliliit at di-nakikitang sandali." Tulad ng lolang iyon, ipinapakita sa atin ni Hesus na ang tunay na pagmamahal ay higit na ipinapahayag sa mapagpakumbabang paglilingkod.

**Pangunahing Pagninilay:**
Sa gabing iyon, ibinahagi ni Hesus ang Kanyang huling hapunan sa Kanyang mga alagad, isang hapunan na humubog sa buhay ng Simbahan magpakailanman. Kumuha Siya ng tinapay, kumuha Siya ng alak, ngunit binigyang-diin ng Ebanghelyo ni Juan ang isa pang natatanging gawa—ang paghuhugas ng mga paa. Tumayo si Hesus, inalis ang Kanyang panlabas na damit, nagtali ng telang lino sa Kanyang katawan, at lumuhod sa harap ng Kanyang mga kaibigan. Hinugasan Niya ang mga maalikabok na paa, mga paa na minsang natigilan sa pananampalataya.

Nakipagtunggali si Pedro, "Panginoon, huwag Mong huhugasan ang aking mga paa!" Ngunit sumagot si Hesus, "Kapag hindi Kita huhugasan, wala kang bahagi sa akin." Ang pakikipag-isa kay Kristo ay hindi lamang tungkol sa pagiging pisikal na malapit sa Kanya o sa hayag na pagsunod sa Kanya. Ito ay tungkol sa pagpapahintulot sa Kanya na hubugin ang ating puso, hugasan ang alikabok ng kasalanan at pagmamataas, at ihanda tayo upang mamuhay sa Kanyang pagmamahal.

Ang pag-ibig ay hindi kailanman hindi aktibo. Ang pag-ibig ay lumuluhod, nagpapakumbaba, at tumatama kung saan man ito pinaka-kailangan. Hindi lamang ang mga paa ng minamahal na alagad na si Juan ang hinugasan ni Hesus. Hinugasan Niya pati ang mga paa ni Judas, kahit na alam Niya na malapit na ang pagtataksil. Ang pag-ibig ay hindi nagtatangi. Ito ay umaabot sa kadiliman at hindi ito iniiwan na hindi nababago.

Itinuturo nito sa atin na ang ating paglilingkod sa kapwa—sa mahihina, sa mga may sakit, sa mga nag-iisa—ay higit pa sa kawanggawa. Ito ang daan patungo sa tunay na pakikipag-isa sa Diyos at sa isa't isa.

**Mga Maikling Pangyayari:**

1. Bumisita ako minsan sa isang ospital kung saan ang mga boluntaryo ay naghuhugas ng paa ng mga matatandang pasyente bago ang Pasko ng Muling Pagkabuhay. Marami sa kanila ang nag-aalinlangan, mapagmataas, o nahihiya, tulad ni Pedro. Sa huli, mga ngiti at pasasalamat ang sumilay sa kanilang mga mukha. Ang mga simpleng gawain na may pagmamahal ay nagpapalakas ng ating mga kalooban, nagpapanumbalik ng dangal, at ipinapaalala ang Huling Silid, kung saan ipinakita ni Hesus sa Kanyang mga alagad ang kahulugan ng pagmamahal sa pamamagitan ng paglilingkod.

2. Minsang may guro na naglaan ng maraming oras upang tulungan ang isang batang nahihirapan sa pagbabasa. Ang bata ay walang pasensya at madalas na naiinis. Ngunit sa pamamagitan ng pagtitiyaga at maingat na paggabay, nagtagumpay ang bata. Pagkatapos, sinabi niya, "Pinaniwalaan mo ako noong wala nang ibang naniwala." Ang gawaing paglilingkod na ito ay sumasalamin sa halimbawa ni Hesus: ang pag-ibig ay nag-aangat sa kapwa, kahit na nangangailangan ito ng kababaang-loob, pagtitiyaga, at pagsisikap.

Sa ating pang-araw-araw na buhay, maaaring mas maliit ang ating mga gawain sa paglilingkod: isang magandang salita sa katrabaho, pagtitiyaga sa isang batang natututong magbasa, o pagbibigay ng oras sa isang taong nakakaramdam ng pagkabalewala. Bawat kilos ay sumasalamin sa halimbawa ni Hesus, nagbabago ng relasyon, at lumilikha ng pakikipag-isa.

**Koneksyon sa Eukaristiya:**

Ang Eukaristiya ay nagmumula sa parehong prinsipyo. Ibinibigay ni Kristo ang Kanyang sarili nang buong-buo sa tinapay at alak. Sa bawat pagtanggap natin ng Komunyon, tayo ay dinadala sa Huling Silid. Nasasaksihan natin ang pagbubuhos ng pagmamahal, isang pagmamahal na lumuluhod, naglilingkod, at nakakapagpapabago. Ang Komunyon ay hindi lamang tungkol sa espirituwal na pagpapakain, kundi tungkol din sa pagpapadala sa atin upang maglingkod. Bawat kilos ng paglilingkod ay nagiging buhay na Misa kapag ginawa nang may pagmamahal.

**Pangwakas na Kuwento:**

Sa isang baryo maraming taon na ang nakalilipas, naglagay ang isang guro ng palanggana ng tubig sa harap ng kanyang mga estudyante at hinugasan nito ang kanilang mga paa. Sa simula, ang mga bata ay natatawa at nagrereklamo, nahihiya sila sa gawain ng guro. Ngunit sa paglipas ng panahon, natutunan nila ang isang di-malilimutang aral: ang pag-ibig ay hindi nasusukat sa malalaking gawa o tagumpay, kundi sa pagpapakumbaba, paglilingkod nang walang inaasahan, at pagbibigay ng sarili nang buong-buo.

Iyan ang aral ng Huwebes Santo. At iyan ang daan ni Hesus: pag-ibig na lumuluhod, pag-ibig na nakapagpapabago, pag-ibig na tumatagal. Amen.

### HOMILIYA 2 – "Ang Tipan ng Dugo at ang Pangako ng Buhay"

Noong unang panahon, ang mga nomadikong tribo ay gumagawa ng tipan sa pamamagitan ng dugo, hinihiwa ang kanilang sarili at pinipisil ang kanilang mga sugat nang magkadikit upang selyuhan ang isang pangako: "Kasama mo ako, kahit sa mga mapanganib na tagpo." Ang sinaunang ritwal na ito ay may mas malalim na kahulugan—isang pangako ng buhay at katapatan. Sa Huwebes Santo, gumagawa si Hesus ng mas dakilang bagay gamit ang Kanyang sariling dugo.

Minsang may isang lalaki na nagsabi sa akin tungkol sa pagkakataon kung saan isang sundalo ang nagligtas ng buhay ng isang estranghero sa larangan ng digmaan, kahit na naisakripisyo ang sarili sa panganib. Pagkatapos nito, sinabi niya, "Ang ating dugo ay wala nang halaga kung hindi ito ibinabahagi upang protektahan ang buhay." Sa isang banda, ang katapangan ng sundalong iyon ay sumasalamin sa handog na ibinibigay ni Hesus sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Dugo: proteksyon, buhay, at isang tipan na hindi kailan man maaaring masira.

Sa Huling Silid, kumuha si Hesus ng tinapay at alak at sinabi: "Ito ang Aking Katawan. Ito ang Aking Dugo, ang Dugo ng bagong tipan na walang hanggan, na ibinuhos para sa inyo at para sa marami." Ilang siglo bago ito nangyari, ipinapahid ng mga Israelita ang dugo ng tupa sa kanilang mga pintuan bilang tanda ng proteksyon ng Diyos sa kanila. Ngayon, ibinibigay ni Hesus ang Kanyang sarili—Katawan at Dugo—bilang tanda ng ganap na pagkakaligtas. Ang Kanyang Dugo ay nagpoprotekta, nagpapalakas, at nagbubuklod sa atin sa Diyos sa isang ugnayan na mas matibay pa kaysa sa ano mang takot o pagtataksil.

Ngunit may takot. Nalalapit na ang pagtataksil. Tatanggihan ni Pedro, aalis si Hudas. Ang pagmamahal ay sinusubok ng kahinaan ng tao. Ngunit nagpapatuloy si Hesus. Siya ay lumuhod, hinugasan ang mga paa, at ibinigay ang Kanyang sarili. Ang gabing ito ay tinutukoy hindi ng takot kundi ng pag-ibig.

**Mga maiikling salaysay:**

1. Isipin natin ang isang nars na hinahawakan ang kamay ng pasyente sa intensive care, nagbibigay ng gaan ng loob sa gitna ng sakit at kawalang-katiyakan. O kaya ay ang isang guro na maingat na ginagabayan ang batang nahihirapang matuto, na may pasensya at paghimok. Ang mga gawaing ito ay sumasalamin sa gabing iyon sa Huling Silid. Kahit mga munting gawain lamang, ang mga ito ay mga gawa ng pagmamahal na lumalampas sa takot at panghihina, at lumilikha ng tiwala at

kalayaan sa puso ng tao—ang siyang parehong kalayaan na ibinibigay sa atin ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang Katawan at Dugo.

2. Minsan, isang batang babae ang nagpalipas ng gabi kasama ang isang matandang kapitbahay na nag-iisa at natatakot. Nag-alok siya ng tsaa, pagkalinga, at paguusap. Pagkatapos, sinabi ng kapitbahay, “Binigyan mo ako ng lakas ng loob upang harapin ang gabi.” Dito natin nakikita ang pangako ng Huwebes Santo: ang pag-ibig ay umaabot sa takot, binabago ito, at muling nagbibigay ng buhay.

Kahit sa ating mga pagkukulang, nananatili ang tipan ni Hesus. Umiyak at puno ng sakit sa damdamin si Pedro nang itinanggi niya si Kristo, ngunit hindi siya iniwan. Umalis si Hudas, ngunit nanatili ang alok ni Kristo sa kanya ng pakikipag-isa. Ang pagmamahal ay hindi umaatras sa harap ng kasalanan; ito ay lumalapit, tumatawag, at nagpapagaling. Iyan ang pangako ng Dugo ni Kristo: proteksyon, pagkakasundo, at buhay.

**Ang Kapangyarihan ng Dugo at Eukaristiya**

Ang Dugo ni Kristo ay hindi lamang simbolo; ito ay isang realidad na nagbabago sa ating buhay. Ipinapaalala nito ang dugo ng kordero sa Pasko ng Pagligtas, na ngayon ay natupad at lubos na kaganapan sa Kordero ng Diyos, si Hesu Kristo. Sa bawat Misa, tayo ay dinadala sa tipang ito. Ang Katawan ay nagbibigay ng sustansya sa ating kaluluwa, ang Dugo ay nagpoprotekta, at sa pamamagitan ng dalawang ito, tayo ay pinalalakas upang harapin ang takot, pagtataksil, at hamon ng buhay.

**Pangwakas na Kuwento**

Isang maliit na baryo ang nagtitipon taun-taon upang ipagdiwang ang paglalakbay mula sa pagkaalipin patungo sa Kalayaan at sila’y naglalagay ng tinapay at alak sa kanilang mga mesa. Ipinaalala sa kanila ng nakatatanda: “Ang dugo ng kordero ang nagligtas sa ating mga ninuno. Ngayon, ang Dugo ni Kristo ang nagliligtas sa atin. Mabuhay tayo para sa isa’t isa, gaya ng Kanyang pamumuhay para sa atin.”

Iyan ang pangako ng Huwebes Santo: buhay, kalayaan, at proteksyon sa pamamagitan ng pag-ibig, selyado sa Katawan at Dugo, ibinibigay nang malaya, at tinatanggap nang bukas ang puso.

**Karagdagang Panghuling Pagninilay**

Tulad ng baryong iyon, tayo ay inaanyayahan ngayong araw na humakbang nang may tiwala. Ang tipan ng Dugo ni Hesus ay hindi isang lumang alaala; ito ay narito, aktibo, at nagbabago. Sa Misa, sa ating paglilingkod, sa pagmamahal na ating iniaalay, dumadaloy ang tipan ni Kristo sa ating buhay—nagpoprotekta sa atin, tumatawag sa atin, at nagbibigay sa atin ng lakas upang harapin ang bawat takot at pagtataksil nang may pag-asa. Amen.

**Paanyaya sa Panalangin sa Pag-aalay ng mga Handog**

Ipinaglalagay natin sa altar na ito hindi lamang ang tinapay at alak, kundi pati ang ating mga buhay, ang ating kagalakan at takot, ang ating mga pakikibaka at pag-asa.

Sa pag-aalay ng mga handog na ito, buksan natin ang ating puso sa Diyos, at humihiling na gawin Niya itong tanda ng pag-ibig at paglilingkod para sa buong mundo. Manalangin tayo na maging kaaya-aya ang mga handog na ito sa Diyos Amang Makapangyarihan.

**Panalangin sa Pag-aalay ng mga Handog (o batay sa Misal)**

Mabuti at mapagpalang Diyos, ang aming mga gawain sa bawat Linggo ay ginagawa namin ngayon nang may natatanging kamalayan: inihanda namin ang altar na may tinapay at alak para sa Banal na Hapunan. At inilalagay din namin kasama nila ang aming kagalakan, sigla, at pati ang kalungkutan at takot ng aming mga kapwa tao.

Ngayon, ibinabahagi Mo ang handog na ito sa amin—gaya ng minsang ginawa Mo sa Iyong mga disipulo. Oo, Panginoon, pumasok Ka sa aming buhay. Baguhin Mo ang aming mga buhay. Baguhin Mo ang aming mga pag-iisip at aming mga kilos.

Ipagkaloob Mo na mamuhay kami sa paglilingkod nang higit pa para sa isa't isa, gaya ng iyong pamumuhay para sa amin. Hindi magtatagal, ikaw ay naroroon —sa anyo ng tinapay at alak. Naroroon ka rin saan man kami kumilos ayon sa Iyong salita at halimbawa. Maging kasama Ka sana namin.

Ipinaglalagay din namin sa altar ang aming kagalakan at sigla, pati na rin ang kalungkutan at takot ng aming mga kapwa tao. Maging Ikaw sana ang kapangyarihan ng pagmamahal upang kami'y maglapit sa isa't isa. Maging Ikaw sana ang kapangyarihan ng kapayapaan na nagbubukas para sa amin na magkasundo.

Ikaw sana ang maging kapangyarihan sa likod ng katarungan upang kami'y maging makatarungan din sa isa't isa, at upang makita namin ang mga alalahanin at pangangailangan, kagalakan at talento ng aming kapwa tao. Maging kasama Ka sana namin sa pamamagitan ni Hesus, na naroroon sa tinapay at alak ngayon at sa lahat ng araw ng aming buhay. Amen.

**Paanyaya sa Panalangin ng Ama Namin**

Mabuti at mapagpalang Diyos, lalo na ngayong araw na ito ay alam naming kami'y nagkakaisa sa lahat ng mga nagtitipon sa buong mundo sa Iyong pangalan bilang alaala ng gabing ito.

Inaalala namin ang aming parokya, ang aming diyosesis, at ang Simbahan sa buong mundo. Pinagsama-sama Mo kami sa paligid ng mesang ito, bilang alaala ng Iyong Anak, gaya ng isang pamilya sa pagkain.

Kaya't ngayon, inaanyayahan ko kayo, bilang mga kapatid ni Hesus, na manalangin nang may pagtitiwala gamit ang panalangin na itinuro mismo ni Hesus sa atin.

**Embolismo**

Panginoon, iligtas Mo kami sa lahat ng kasamaan, at pagkalooban Mo kami ng kapayapaan sa aming araw.

Sa halimbawa ng Iyong Anak, na lumuhod upang maglingkod, at sa kaloob ng Kanyang Katawan at Dugo, palakasin Mo kami upang mahalin naming ang isa't isa, magpatawad gaya ng pagpapatawad Mo sa amin, at mamuhay ng may mapagpakumbabang paglilingkod sa lahat.

Iligtas Mo kami sa lahat ng panganib, gabayan Mo ang aming mga hakbang sa aming pananampalataya, at punuin Mo ang aming puso ng lakas ng loob upang harapin naming ang mga pagsubok sa buhay nang may pag-asa.

Bigyan Mo ng katapangan ang mga nagdurusa, kaaliwan sa mga nag-iisa, at kalayaan para sa mga pinapahirapan ng kasalanan o takot.

Gabayan Mo ang lahat ng mga tao sa Iyong walang hanggang tipan ng pag-ibig, at pagkaisahin Mo ang Iyong Simbahan sa pagiging saksi, sa pananalangin, at pakikipag-kawanggawa.

Iyan ang aming dalangin, habang umaasa kami sa pagdating ng aming Tagapagligtas na si Hesu Kristo.

**Panalangin para sa Kapayapaan**

Hesu Kristo, Ikaw ang nagpanumbalik sa mundo sa Diyos sa pamamagitan ng Iyong Katawan at Dugo, na ibinuhos dahil sa Iyong pagmamahal, kasama pati mga magtataksil sa Iyo.

Habang inaalay namin sa isa't isa ang tanda ng kapayapaan, nawa'y paalalahanan kami ng gawaing ito sa Iyong halimbawa: lumuhod Ka upang hugasan ang mga paa ng Iyong mga kaibigan, nagpakumbaba Ka sa paglilingkod, at ibinigay Mo ang Iyong buhay sa tipan ng pag-ibig.

Gawin Mo kaming mga instrumento ng Iyong kapayapaan sa aming mga sariling pamilya, sa aming komunidad, at sa buong mundo.

Kung saan may kayabangan, hayaan Mo kaming maglingkod nang mapagpakumbaba;
kung saan may takot, hayaan Mo kaming magbahagi ng aming katapangan;
kung saan may kasalanan o kaya'y pagtataksil, hayaan Mo kaming magpatawad at ipanumbalik ang dati;
kung saan may pagdurusa o kawalan ng pag-asa, hayaan Mo kaming magdala tayo ng pag-asa at kaaliwan.

Nawa'y ang kapayapaang ibinibigay at tinatanggap natin ngayong gabi ay dumaloy palabas, at maabot niya ang lahat ng naghahanap ng pagmamahal, katarungan, at pagkakasundo, at palakasin sana tayo upang mamuhay bilang mga disipulo na naglilingkod at nagmamahal sa Iyo gaya ng pagmamahal Mo sa amin.

Ikaw ang nabubuhay at naghahari magpakailanman. Amen.

**Paanyaya sa Komunyon**

Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng mundo. Sa paglapit natin sa mesa na ito, alalahanin natin kung paano lumuhod si Hesus upang hugasan ang mga paa ng Kanyang mga alagad, nagpakumbaba sa paglilingkod, at ibinigay ang Kanyang Katawan at Dugo sa tipan ng pag-ibig para sa lahat.

Nawa'y ang banal na pagkaing ito ay baguhin ang ating mga puso, upang tayo rin ay maglingkod sa isa't-isa nang may katapangan, kababaang-loob, at pagmamahal. Mapalad ang mga tinawag upang makibahagi sa banal na hapunang ito.

**Panalangin Pagkatapos ng Komunyon (o galing sa Missal)**

Mabuti at mapagpalang Diyos, ipinapadala Mo kami upang isabuhay ang ipinakita sa amin ng Iyong Anak na si Hesus. Gawin Mo kaming mga tao Mo'ng naglilingkod sa isa't isa.

Pinatawad Mo kami. Tinanggap Mo kami. Palakasin Mo kami upang maipasa ang pagmamahal na ito sa iba. Bigyan Mo kami ng katapangan upang magpatuloy sa landas kasama si Hesus.

Tulungan Mo kaming ipaglaban ang kapayapaan sa mundo, na muling natabunan ng mga gawaing pandigma ng mga tao. Tulungan Mo kaming makita ang mga nangangailangan ng aming tulong at malasakit. Huwag Mo kaming hayaang lumampas lamang sa kanila.

Ipakita Mo sa amin kung saan kami kinakailangan, kung saan maaari kaming mag-alay ng mapagmahal na pagpansin sa iba. Kung saan kami may kapangyarihan, gamitin nawa namin ito sa paglilingkod, at palaging iniisip ang kabutihan ng aming kapwa tao.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo ang aming Panginoon. Amen.

**Bago ang Paglilipat ng Banal na Sakramento**

**Tagabasa:** Matapos ang Huling Hapunan, lumabas si Hesus sa Hardin ng Getsemani at sinimulan ang pagtahak sa landas ng kanyang pagdurusa. Kaya, ililipat natin ang ciboria na laman ang Katawan ng Panginoon sa isang lugar sa labas ng tabernakulo.

Si Kristo ay wala nang tirahan na pantao.
Ang pamana ng Kanyang pagmamahal– ang aking Katawan, ibinigay para sa iyo, at ang aking Dugo, ibinuhos para sa iyo at sa marami – ay natupad sa Krus.

Oo, sa huli, ang payat na bato ng libingan ang nagiging lugar kung saan Kanyang pinagtibay ang Kanyang tipan ng pagmamahal. Ang payat na altar, na tinanggalan ng karaniwang palamuti, ay nagiging tanda ng mapagmahal na pag-aalay ng sarili ni Hesus.

**Maikling Prosisyon / paglilipat ng Sakramento sa angkop na lugar...**

**Tantum ergo...**

**PANALANGING PANG-EUKARISTIKO SA TABERNAKULO**

**P.:** Panginoong Hesukristo, inimbitahan Mo kami rito.
Nagpapasalamat kami dito.

Sa anyo ng Banal na Tinapay, Ikaw ay naroroon sa aming piling. Mula sa Iyo, tinatanggap naming ang buhay.
Sa pamamagitan ng Iyong pagmamahal, baguhin Mo kami, upang maging higit na nagkakaisa ang aming mga isipan at puso. Nawa'y ang Iyong pag-ibig ang magbigay sa amin ng kinabukasan.

Buksan Mo ang aming mga mata sa hiwaga ng Eukaristiya,
sa hiwaga ng Iyong pag-ibig at kabutihan.

Buksan Mo rin ang aming mga mata upang makita naming ang pagkagutum, ang pagdurusa ng mga taong magkamuhi sa isa't isa – dahil sa tinapay.
Ikaw ay nagbibigay ng tinapay, at nagbibigay din ng pagmamahal.
Patnubayan Mo na maipaabot namin ang aming natanggap: **TINAPAY AT PAGMAMAHAL!**

Huwag Mo kaming pabayaang panghinaan ng loob sa pagtulong at paggawa,
upang matugunan naming ang panawagan ng napakaraming tao para sa kanilang araw-araw na tinapay.
Hinihiling namin ito sa Iyo, Kristo ang aming Panginoon.

**Habang Nililinis ang Altar ng mga Tagaserbisyo**

**Tagabasa:** Matapos ilipat ang Banal na Sakramento, lilinisin natin ang altar. Ang altar ay tanda ni Kristo;
kung paanong siya ay tinanggalan ng Kanyang mga kasuotan
at nakatayo nang hayag sa harap ng mga tao,
ganun din, ang hubad na altar ay magpapaalala sa atin:
hinahayaan ni Kristo na Siya'y mapahiya upang dalhin ang ating kahihiyan.

Pagkatapos ng Huling Hapunan, sinabi ni Hesus kay Pedro sa Bundok ng Olibo:
"Simon, natutulog ka ba? Hindi mo ba kayang magbantay ng isang oras? Manatiling gising at magdasal ka upang hindi ka mahulog sa tukso. Ang espiritu ay handa, ngunit ang laman ay mahina."

Bilang tugon sa kahilingang ito ni Hesus, inaanyayahan namin kayong manatili sa oras ng panalangin na ito, magbantay at magdasal kasama Niya.
Manatili tayong gising at magdasal kasama Niya, upang mas maunawaan natin ang dakilang pag-ibig na Kanyang ipinakita sa atin.

*Ang altar ay ganap nang nalinis ng mga tagaserbisyo.*

**Biyernes ng Pasyon ng Panginoon – 03.04.2026**

Is 52:13–53:12; Heb 4:14–16 & 5:7–9; Jn 18:1–19:42

**Panimula: (Bago magsimula ang liturhiya)**

**Tagabasa:** Mahal kong mga kapatid!
Malugod namin kayong tinatanggap sa ating sama-samang pagdiriwang ng Pasyon at Kamatayan ni Hesu Kristo!

Kagabi lamang, nagtipon tayo sa lugar na ito upang sama-samang gunitain natin ang Huling Hapunan ni Hesus kasama ang Kanyang mga disipulo. Ngayon – sa Biyernes Santo – ginugunita natin ang pagdurusa at kamatayan ni Hesus, at nakikinig tayo – na binibigkas ng iba't ibang tao – sa salaysay ng Kanyang Pasyon.

Ang liturhiya ng Biyernes Santo ay binubuo ng Liturhiya ng Salita, Sagradong Panalanging Panlahat, at ang Pagpupugay sa Krus. Sa araw na ito, alinsunod sa pinakamatandang tradisyon, ang Simbahan ay hindi nagdiriwang ng Misa. Sa dobleng pag-aayuno na ito – ang pisikal na pagaayuno at Eukaristikong pagaayuno – ipinapahayag ang kalungkutan sa pagdurusa ni Jesus at ang pakikiisa sa lahat ng nagdurusa sa mundong ito.

Ang pinakamahalagang bahagi ng ating pagdiriwang ngayon ay ang Pagpupugay sa Krus, sapagkat wala ngayong selebrasyon ng Komunyun! Mararamdaman natin ang kakulangan nito – at makakaramdam tayo ng kawalang saysay – at sa pamamagitan din nito, ang puwang na binuksan ng kamatayan ni Hesus.

Hindi magtatagal, magsisimula na ang liturhiya ng Biyernes Santo sa tahimik na pagpasok ng pari at ng mga tagaserbisyo ng altar.

Kapag tayo’y lumuhod sa harap ng Krus, malalim nating mararanasan ang sinasabi sa Salmo 22:
*"Parang tubig akong ibinubuhos – Inihiga mo ako sa alabok ng kamatayan."*

Ngayon, tayo’y manahimik at ihanda ang ating mga sariling kalooban para sa liturhiya ng Biyernes Santo...

## TAHIMIK NA PAGPASOK AT PANIMULA

**Panimula sa Salaysay ng Pasyon**

**P:** Ang salaysay ng Pasyon na ating maririnig ngayon ay higit pa sa isang simpleng ulat. Ang tala ng mga huling oras ni Hesus ayon sa bibliya ay nagliliwanag sa Kanyang buong buhay.

Ang Pasyon ayon sa Bibliya ay hindi lamang nagsasabi kung ano ang nangyari, kundi bakit at para sa anong layunin ito naganap. Ipinapakita ng Ebanghelyo ni Juan, na ating maririnig ngayon, ay ipinapakita ng mas malinaw kaysa sa ibang mga Ebanghelyo na dinadaan ni Hesus ang Kanyang landas ng may ganap na kamalayan, at nananatili Siyang tapat sa Kanyang paniniwala.

Hinaharap Niya ang mga akusador at nanghusga, at sa kalooban ay nagiging malaya.

Sa Ebanghelyo ni Juan, namatay si Hesus sa oras kung kailan sa Templo ay kinakatay ang mga tupa para sa Hapunan ng Pasko ng Pagkaligtas.
Dito nagmumula ang Kanyang katawagan bilang Kordero ng Diyos, ang tunay na Kordero ng Pasko ng Pagkaligtas.

## SAGRADONG PANALANGING PANLAHAT

### Panimula:

**P:** Dinala ni Hesus ang buhay ng sangkatauhan – ang kanilang kagalakan at pag-asa, ang kanilang kalungkutan at takot – sa Krus at, sa pamamagitan ng Kamatayan, sa Kanyang bagong buhay.

Sa Sagradong Panalanging Panlahat ngayon, ating iharap sa Kanya ang ating mundo at ang ating Simbahan, at magtiwala nang may pasasalamat na tutuparin ng Diyos ang ating pag-asa at ang pag-asa ng lahat ng tao.

**PAGPUPUGAY SA KRUS**

**Tagabasa:** Hindi masukat at hindi maunawaan ang nangyari noon sa Jerusalem: pinagtawanan, nilait, pinahirapan, at pinatay si Jesus.

- Nagsimula tayo sa serbisyong ito ng may katahimikan; sa katahimikan din natin ito tatapusin. Umaasa tayo na sa gitna ng ating tahimik na panalangin, bibigyan tayo ng Diyos ng sagot. Saksi ang Bibliya na sa kabila ng labis na kawalang-katarungan, karahasan, at kamatayan, nagbibigay ang Salita ng Diyos ng bagong lakas sa mga tao.
- Sa pamamagitan ng Kanyang Krus, nais din nating gunitain ang lahat ng mga krus na itinaas sa ating mundo. Ginagawa natin ito upang makiisa sa lahat na – tulad ni Hesus – ay binubuhat din ang kanilang krus. Dahil dito, sa simula ng pagdiriwang na ito, lumuhod tayo sa Krus ni Hesus at tumahimik tayo para sa sama-samang nating pag-alaala sa pagdurusa at kamatayan ni Kristo.
- Ngayon, mahigit sa dalawang libong taon na ang nakalilipas – sa Biyernes Santo, bandang alas-tres ng hapon – isang lalaki ang namatay sa Krus. Siya ay namatay nang may kalupitan. Siya ay isinakdal at pinatay sa publiko, at maaaring saksihan ng sinumang nagnanais ang malupit na pangyayaring ito.

**Pagdadala ng Krus:**
Pumupunta ang pari kasama ang tatlong tagaserbisyo ng altar sa pintuan ng simbahan upang dalhin ang Krus at dalawang kandila.

**Tagabasa 2 – Panimula:**
Mahigit sa dalawang libong taon na ang nakalilipas, isang lalaki ang naglakad sa mga kalsada ng isang lungsod buhat-buhat ang isang krus, hinatulan Siya ng kamatayan, pinagtawanan Siya at binugbog. Ngunit Siya ay nagwagi, sa bawat panahon – at maging ngayon – na dalhin ang mga tao sa pagninilay at pagmumuni-muni sa pinakamalalim na kahulugan ng kanilang buhay.

Dinadala na natin ngayon ang Krus sa ating piling. Ito ay nakatakip pa ng belo. Ipinapaalala nito na minsan ay mas nais nating itago ang ilang krus at paghihirap sa ating buhay. Ngunit ngayon, tinatawag tayo na tumingin sa Krus at pagsamahin ang ating mga krus sa Krus ni Hesu Kristo.

Bago Siya, tayo'y lumuluhod sa paggalang at pasasalamat, sapagkat Kanya itong pinasan para sa ating kaligtasan.

### Unang Homiliya: "Masdan ang Tao — Masdan ang Ating Pag-asa"

Ito ay **Marso 27, 2020**.
Tahimik na ang mundo.

Sa Roma, bumuhos ang ulan sa walang laman na Plaza ni San Pedro. Walang mga peregrino. Walang mga turista. Walang mga batang naghahabol ng mga kalapati. Tanging tunog ng bumabagsak na ulan at mga yapak ng isang tao lamang ang maririnig.

Si Papa Francisco ay dahan-dahang naglakad sa malawak na plaza. Mag-isa. Lumalapit ang kamera upang ipakita ang kawalan ng tao sa paligid. Tumayo siya sa harap ng Banal na Sakramento at itinanghal ang monstransya para sa isang madilim at natatakot na mundo. Sa likod niya ay nakatayo ang isang medyebal na krus — isang krus ng salot na sinasamba ng mga tao ilang siglo na ang nakalilipas habang ang kamatayan ay kumakalat sa kanilang mga kalye.

Hindi pa ito Biyernes Santo.

Ngunit gayon pa man, ito ay Biyernes Santo.

Ang larawang iyon ay kumalat sa buong mundo dahil nagsabi ito ng isang bagay na hindi kayang ipahayag ng salita:
Ang Diyos ay hindi nawawala sa ating kadiliman.
Ang Diyos ay nakatayo sa loob nito.

Ngayon, sa Biyernes Santo, tayo ay nakatayo muli sa harap ng Krus — at tinatanong natin: Nasaan ang pag-asa?

Tinatanong natin ito kapag nakikita natin ang mga lungsod sa Ukrayna na nagiging tambak ng guho.
Tinatanong natin ito kapag nakikita natin ang mga pinasabog na gusali at mga batang binubuhat mula sa mga alikabok.
Tinatanong natin ito kapag naririnig natin ang mga ina na nanganak sa mga istasyon ng tren, o mga ama na nagpapaalam sa mga riles ng tren, at hindi alam kung muli silang magkikita.

Ang kamatayan ay palaging nasa ating harapan. Hindi ito matiis mula sa malayo. Paano pa kaya kapag ito'y pinapasan sa araw-araw?

Nasaan ang pag-asa?

Hindi iniiwasan ng Biyernes Santo ang tanong na ito. Pinapalakas pa nga nito.

"Masdan ang tao," sabi ni Pilato.
At ano ang nakikita natin?

Isang pinahirapang katawan.
Isang korona ng tinik na nakapilit sa laman.

Isang purpurang balabal na inilaan bilang pang-aalipusta.
Isang taong saksi sa karahasan at pagbagsak.
Sa buong kasaysayan ng mundo, maraming imperyo na ang itinatag sa pamamagitan ng karahasan. Pagdomina. Pagsupil. Ang sibilisasyon ay madalas na itinatayo mula sa mga buto ng mahihina. Kahit ngayon, nakikita natin kung paanong ginagamit ang brutal na karahasan upang magtatag ng kapangyarihan.

At sa mundong iyon, lumalapit si Jesus.
Hindi kasama ang hukbo.
Hindi kasama ang mga tanke.
Hindi kasama ang mga lumilipad na makina.
Tahimik Siyang humakbang at nagtatanong, "Sino ang hinahanap ninyo?"
At nang sagutin sila, "Si Hesus na taga-Nazaret," Siya ay sumagot, "Ako nga Siya."

Ako.
Ang banal na pangalan na binigkas sa hardin ng pagkakaaresto.
Sandaling napa-hinto ang mga sundalo.

Tahimik ngunit malalim ang pahayag: ang hinuhuli ay hindi walang kapangyarihan. Hindi Siya biktima ng pagkakataon. Siya ang Diyos-na-kasama-natin.

At gayon pa man, hinahayaan Niya ang Kanyang sarili na maitali.
Bakit?
Hindi ito naunawaan ni Judas. Marahil ay nais niya ang isang rebolusyong pampulitika. Marahil ay nais niyang pilitin ang kamay ni Hesus. Marahil ay simple lang na mali ang kaniyang pagka-larawan kung sino dapat ang Diyos.

Ngunit tayo, naiiba ba tayo?
Madalas nating hinahangad ang isang Diyos na kumikilos nang dramatiko. Isang Diyos na winawasak ang ating mga kaaway. Isang Diyos na agad inaalis ang pagdurusa.
Sa halip, tinatanggap natin ang isang Diyos na nakasabit sa Krus.

"Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?"

Kahit si Hesus ay pumapasok sa katahimikan.

At narito ang nakakagulat na katotohanan — at ang pag-asa — ng Biyernes Santo:
Hindi ipinaliwanag ng Diyos ang pagdurusa.
Pumasok Siya rito.

Naalala ko si Djamal, isang kabataang mas piniling tumakas mula sa Syria kaysa humawak ng sandata at makipaglaban. Sinabi niya sa akin kung paano, bilang isang bata, natutunan niya kung ano'ng gagawin tuwing may pagbomba galing sa himpapawid. Paano siya patuloy na natatakot sa malalakas na tunog. Winasak ng digmaan ang kanyang pagkabata bago pa man siya naging ganap na nasa hustong gulang.

Naalala ko rin si Halima mula sa Somalia, na nagigising pa rin sa takot mula sa mga bangungot. Para sa kanya, hindi natapos ang digmaan nang tawirin niya ang hangganan ng kanyang bansa. Nananatili ito sa alaala.

Sinasabi ng Krus sa kanila — at sa atin — ang isang radikal na katotohanan:
Nasa iyong panig ang Diyos.
Hindi Siya ang tagapag disenyo ng iyong mga sakit.
Kundi Siya ang kasama mo rito.

Nang sinabi ni Caiaphas, "Mas mabuti nang mamatay ang isang tao para sa bayan," ang ibig niyang sabihin ay pampolitikang kaginhawaan. Ngunit sa likod ng kanyang mapanlinlang na kalkulasyon, nakatago ang mas malalim na katotohanan: namatay si Hesus para sa atin.

Nang tanungin ni Pilato, "Ano ang katotohanan?" hindi niya nakilala na ang Katotohanan ay naroroon sa kanyang harapan —nabugbog at duguan.

Ang Katotohanan ay hindi abstraktong pahayag.
Ang Katotohanan ay may mukha.
At sa Biyernes Santo, ang mukha na iyon ay sugatan.

Namumuhay tayo sa mundong puno ng "alternatibong katotohanan," panlilinlang, at manipulasyon.
Ngunit ipinapakita ng Krus ang sukdulang katotohanan tungkol sa sangkatauhan: kaya nating maging malupit.
At ipinapakita nito ang pinaka-matibay na katotohanan tungkol sa Diyos: Tumutugon Siya gamit ang pagmamahal.

Tumingin tayo nang mabuti sa Krus. Ang pang-aalipusta na isinadula ng mga sundalo ay ginagaya ang isang Romanong tagumpay. Ang korona ng laurel ay nagiging tinik. Ang purpurang balabal ng hari ay

nagiging kasuotan ng kahihiyan. Ang pinong alak ay nagiging suka. Ang parada ng tagumpay ay hindi patungo sa Kapitolyo kundi sa Golgota — ang lugar ng mga bungo.

Nilalayon nila ang magpahiya.
Ngunit ginawa ito ng Diyos na isang pagtubos.
Sa likod ng sakuna ay nakatayo ang buhay na hindi matitinag.
Ang Muling Pagkabuhay ay nakatago sa Krus — hindi pa nakikita, ngunit naipangako.

Mapanganib ang pananampalataya. Ngunit mapanganib din ang kawalan ng panampalataya. Hindi pumipili ang sakit sa nananampalataya o sa nagdududa. Bawat puso ng tao ay nagtatanong: Saan ako hihingi ng lakas? Ano ang nagbibigay ng kahulugan? Paano ko tiisin ang pagdurusa? Paano ko haharapin ang kamatayan?

Hindi nagbibigay ng madaling sagot ang Biyernes Santo.
Sa halip, ito ay nagbibigay sa atin ng presensya.

Kapag sinamba natin ang Krus mamaya at bumulong tayo, "Diyos ko," maaaring pakinggan ito bilang isang akusasyon.
Maaaring tunog ito ng pagka-pagod.
Maaaring tunog ito ng pagsamba.
Marahil ay lahat ng tatlo.

"Diyos ko."
Ang sigaw na iyon ay hindi nagpapaliwanag ng pagdurusa. Ngunit ipinag-uugnay tayo nito sa Siya na nakikiramay sa atin sa pagdurusa.

Hindi nalutas ng Santo Papa sa ulan ang pandemya noong gabing iyon.
Ngunit itinaas niya si Kristo sa kadiliman.

At iyan ang ginagawa ng Simbahan ngayon.
Itinataas natin ang Ipinako sa Krus sa mundong puno ng digmaan, kwarto ng mga may sakit na kanser, kampo ng mga lumilikas na mga tao, sirang pamilya, at mga pusong puno ng pangamba.
At sinasabi natin:

Masdan ninyo ang Tao.
Masdan ninyo ang inyong Diyos.
Masdan ninyo ang inyong pag-asa.

At sa isang lugar — kahit ngayon — sa ilalim ng mga guho ng ating mundo, ang buhay ay naghahanda na muling bumangon.

Amen.

### Pangalawang Homiliya: "Ang Pag-ibig ay Walang Hanggan"

Ilang taon na ang nakalilipas, ikinuwento sa akin ng isang ama ang sandali nang ipinanganak ang kanyang anak na babae.
Inilagay ng komadrona sa kanyang mga bisig ang tinawag niyang "dalawang dakot ng tao." Maliit. Pula. Nakabalot sa mas maraming kumot kaysa sa sanggol. Yumuko siya at hinalikan ang basang noo ng sanggol.

Sinabi niya, "Mula noon, wala nang naging magkakapareho. Natakot ako para sa kanya. Gusto ko siyang protektahan. Mahal ko siya — ganun lang kasimple."

Hindi naglaho ang pagmamahal na iyon nang umiyak ang sanggol at di makatulog sa gabi ang ama.
Hindi ito naglaho nang gumuhit ang anak na babae sa puting dingding ng pasilyo.
Hindi ito naglaho nang ipinalsipika ng anak na babae ang pirma ng ama para lang makaiwas sa nakaligtaang klase.
Hindi ito naglaho nang nagsuka siya sa hagdanan matapos ang kanyang unang walang pakundangang handaan.

Nanatili ang pagmamahal.
Minsan ay mapagmataas.
Minsan ay galit.
Minsan ay walang magawa.
Ngunit laging naroroon.

Saan nanggagaling ang ganitong pagmamahal?
Ito ba'y pagkakatugma ng loob lamang? Kemikal ng katawan?
O ito ba'y may tinutunog na mas malalim — isang bagay na patungkol sa Diyos?

"Sapagkat ang Diyos ay pag-ibig," sinulat ni Juan.

Kung totoo ito, ang Biyernes Santo ay dapat magturo sa atin ng tungkol sa pag-ibig.
At ang nakikita natin sa unang tingin ay hindi mukhang pag-ibig.
Nakikita natin ang pagtataksil.

"Sino si Hudas?" tanong ng isang tao sa isang usapan sa homiliya.
Sumagot ang iba: "Ikaw at ako."

Sapagkat bawat isa sa atin ay may dalang inaasahan kung paano dapat kumilos ang Diyos.
Nais natin ang kapangyarihang banal sa sarili nating paraan.
Kapag nagtago ang Diyos, nagiging balisa tayo.

Bakit hindi nakikialam ang Diyos?
Bakit hindi Niya pinipigilan ang digmaan?
Bakit hindi Niya itinitigil ang kanser?
Bakit inililibing ng mga ina ang kanilang mga anak?

"Diyos ko, bakit Mo kami pinabayaan?"

Pinahihintulutan tayo ng Biyernes Santo na akusahan ang Diyos.
Maaaring magulat tayo tungkol dito— ngunit ito'y naaayon sa Bibliya.

Sanay na tayong magpaliwanag tungkol sa pagdurusa.
Gumagawa ang mga teologo ng argumento: "Malayang kalooban." "Pananagutan ng tao."
"Mas dakilang kabutihan." Ngunit minsan, nagiging palusot na lamang ang paliwanag.

Pinapatahimik ng Biyernes Santo ang ating katalinuhan.
Ihinaharap tayo nito sa payak na katotohanan.

Umuusad ang digmaan sa mga hangganan ng mga lugar.
Pinapalitan ng pang-makinang pag-atake ang mga espada.
Nasusunog ang mga lungsod sa ika-dalawampu't isang siglo katulad nung dati sa sinaunang panahon.

Tumakas si Djamal mula sa Syria sa halip na maging sundalo. Iniwan niya ang mga larong pambola sa mga napasabog na kalye at mga libingan ng mga kamag-anak.
Tumakas si Halima mula sa Somalia; ang kanyang mga gabi ay patuloy pa rin na ginugulo ng mga pag-sigaw.

Winawasak ng digmaan ang mga kabahayan.
Ngunit higit pa rito, winawasak nito ang mga kaluluwa.

Bakit hindi natin kayang mamuhay nang mapayapa?

Ipinapaalala ng Bibliya na nilikha tayo para sa mas mabuting layunin.
Noong simula, hinangad ng Diyos ang pag-ugnayan.
Tulad ng isang ina na maingat na humahawak sa mundo, nilikha ng Diyos ang lahat sa pamamagitan ng pag-ibig — hindi sa pamamagitan ng ayos ng antas o dominasyon.
Walang bansang higit na dapat mahalin kaysa sa iba.
Walang lahi na higit na karapat-dapat kaysa sa iba.

Ipinanganak tayo upang ibahagi ang mundo.
Ipinanganak tayo upang ibahagi ang pag-ibig.

Ngunit, iba ang ipinapakitang istorya ng kasaysayan.

Tanong ni Pilato, “Ano ang katotohanan?”
Sa ating panahon ng maling impormasyon, parehas din ang tanong natin.
Napakaraming boses. Napakaraming kwento. Sino ang tama?

Ipinapakita ng Krus ang mas malalim na katotohanan.
Ang katotohanan ay hindi isang slogan.
Ang katotohanan ay isang tao.

“Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.”

Sa harap ni Pilato, tahimik lang na nakatayo si Hesus.
Hindi nauunawaan ng gobernador na ang kanyang sariling desisyon ang magpapakita ng kanyang kalooban.

Bawat tauhan sa Pasyon ay nagbibigay ng kapiraso ng katotohanan.
Hindi niya namalayan ngunit nagpahayag ng propesiya si Caiaphas.
Itinanggi ni Pedro si Kristo dahil sa takot.
Nag-aalangan si Pilato.
Ang nakasulat sa Krus ay naglalahad ng higit sa inaasahan: “Hari.”
Kahit ang pang-aalipusta ay nagiging pahayag.

Tanging mga piraso lamang ang nakikita natin, sabi ni Pablo.
Parang isang nakakalitong larawan sa salamin.
Hindi natin nakikita ang buong larawan.
Nakikita natin ang mga nawasak na mga lungsod.
Nakikita natin ang mga pamilyang nahahati.
Nakikita natin ang ating mga sariling kabiguan sa pag-ibig.
Hindi natin nakikita kung paano hinahawakan ng Diyos ang mga hibla ng ating buhay.

Ngunit naririnig natin ito:

Ang pag-ibig ay matiisin.
Ang pag-ibig ay mabait.
Ang pag-ibig ay hindi nagtatala ng kasalanan.
Ang pag-ibig ay nagdadala ng lahat ng bagay.
Ang pag-ibig ay umaasa sa lahat ng bagay.

Ang pag-ibig ay nagtatagal sa lahat ng bagay.
Ang pag-ibig ay hindi nagwawakas.

Masyado ba itong inosente kung pakinggan sa mundong puno ng tankeng pang-digmaan at mga lumilapad na robot na pang-digma?
Marahil.

Ngunit kung wala ang paniniwalang ito, lulunurin tayo ng kawalan ng pag-asa.

Hindi pagka-inosente ang Biyernes Santo. Hindi ito tumatalon agad sa Pasko ng Muling Pagkabuhay. Nananatili ito sa Krus. Hindi nito pinapababa ang halaga ng pagdurusa.

Ngunit ipinagpapatuloy nito ang isang malalim na pahayag:
Nanatili ang pag-ibig ng Diyos — kahit dito.

Kahit umalis ang anak na babae sa tahanan.
Kahit siya'y nagkakamali.
Kahit pinipinturahan ng sangkatauhan ang mga dingding ng mga nilikha.
Nananatili ang pag-ibig.

Nang nakapako si Hesus sa Krus, hindi umatras ang Diyos.
Ipinakita ng Diyos ang Kanyang pinakamalalim na pagkakakilanlan.
Itinatago Niya ang Kanyang kaluwalhatian upang mabuhay tayo sa Kanyang presensya.
Kung ipinakita Niya ang Kanyang lakas nang buong-buo, malulugmok tayo.
Sa halip, ipinapakita Niya ang Kanyang sarili sa pag-ibig na sugatan.

Nasaan ang Diyos?
Sa Krus.

Hindi ito paliwanag.
Ito ay sagot.

Kapag lumapit tayo mamaya sa Krus at bumulong, "Diyos ko," maaari itong magtaglay ng akusasyon. Maaaring magtaglay ito ng pananabik. Maaaring magtaglay ito ng pagsuko.

Ngunit ito ay relasyon.

Ang pananampalataya sa pinakamalalim na antas ay hindi lamang pagsang-ayon sa mga pahayag.
Ito ay pagtitiwala sa isang tao.
At sa ngayon, ang taong iyon ay nakapako sa ating harapan.

Binugbog.
Duguan.
Nagmamahal.

At dahil sa pagmamahal na iyon, kahit sa mga basag na piraso, kahit sa mga guho, naglalakas-loob tayong maniwala:

Mas malakas ang pag-ibig kaysa sa karahasan.
Mas malakas ang pag-ibig kaysa sa galit.
Mas malakas ang pag-ibig kaysa sa kamatayan.

Sinabi pa sa akin ng ama na binanggit ko sa simula ang isa pang bagay.
Nang lumipat ang kanyang anak na babae sa sarili niyang tirahan, tinulungan niya itong buuin ang

kanyang kama.
Habang nagmamaneho siya pauwi nang mag-isa, napagtanto niya:
"Mag-isa na siya ngayong mamumuhay. Hindi ko na siya mapoprotektahan sa lahat ng bagay."

Ngunit hindi tumigil ang kanyang pagmamahal.
Nagbago lamang ang anyo nito.
Naging panalangin ito.
Naging isa itong pag-asa.

Marahil ganito rin tayo minamahal ng Diyos.
Hindi Niya pinupuwersa.
Hindi Niya pinagpipilitan.
Pinapayagan Niya ang kalayaan — kahit pa mali ang paggamit natin nito kung minsan.

At kapag ipinako natin ang mismong Pag-ibig —
Nanatili ang Pag-ibig.

At iyan ang dahilan kung bakit maaari nating iwan ang lugar na ito ngayon nang tahimik, hindi nang may kawalan ng pag-asa.

Sapagkat nakatayo ang Krus.
Bilang katanungan.
At bilang kasagutan.

At ang pag-ibig ay walang hanggan.
Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr.**